
# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan–Modyul 1A: Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali?




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_ARTS1_Module1A

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1A: Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ana Grace M. Gallardo

**Editor:** Marilou G. Gammad, Ana Grace M. Gallardo

**Tagasuri:** Denis M. Agbayani, Alexander Domingo

**Tagaguhit:** Reynaldo A. Simple

**Tagalapat:** Reynaldo A. Simple

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Denis M. Agbayani
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
Alexander Domingo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan–Modyul 1A:
## Ano ang Aking Kulay?
## Saan Ako Kasali?

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang Modyul na ito ay dinesenyo and isinulat para sa iyong kapakanan. Ito ay upang tulungan kang maunawaan ang Arts.

Ang saklaw ng modyul na ito ay maaring gamitin sa iba't-ibang uri ng sitwasyon sa pagkatuto.



Ang wikang ginamit dito ay kumikilala sa iba't-ibang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Inayos ang mga gawain para masundan ang wastong daloy ng pagkatuto.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakikilala ang pangkat na kinabibilangan ng bawat kulay: pangunahing, pangalawa at pangatlong pangkat na makikita sa mga natural na bagay at mga bagay na likha ng tao. **(Q2/Wks1-2- A1EL-IIa)**

# *Subukin*

**Panuto:** Subukin ang iyong kakayahan sa pagsusulit sa ibaba. Tingnan ang bagay sa bawat bilang.Tukuyin ang kulay nito at pangkat ng kulay na kinabibilangan *(Isulat ang **P1** kung pangunahin at **P2** kung pangalawa)*.

| | kulay | Pangkat ng Kulay |
|---|---|---|
|  | 1. | |
|  | 2. | |
|  | 3. | |
|  | 4. | |
|  | 5. | |

| Aralin 1 | Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali? (Pangunahin at Pangalawang Kulay) |
| --- | --- |

Ang ating paligid ay punong-puno ng iba't ibang kulay, natural man o artipisyal. Ang mga kulay ay napapangkat sa tatlo: pangunahin, pangalawa,  o pangatlong kulay. Gumaganda ang paligid dahil sa iba't-ibang kulay ng mga bagay. Sa araling ito tatalakayin natin ang pangunahin at pangalawang pangkat ng kulay.

## *Balikan*


Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, balikan natin ang nakaraang aralin. Pagmasdan ang larawan sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.




1. Ano ang hugis ng dahon ng halaman?
2. Ano-ano ang mga linya na makikita dito?
3. Ano-ano ang mga kulay ng halaman?

## Tuklasin

Pag-aralang mabuti ang mga larawan at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa **Suriin.**







## Suriin

1. Ano ang  kulay ng rosas?
2. Ano ang kulay ng kalangitan?
3. Alin sa mga larawan ang kulay dilaw?
4. Saang pangkat nabibilang ang rosas, saging, at ulap? Natural na bagay o bagay na gawa ng tao?
5. Sa mga larawan mayroon bang gawa ng tao na kulay bughaw? Ano ito?

Ang mga kulay na pula, dilaw, at bughaw ay mga pangunahing kulay.



Makikita ang mga kulay na ito sa mga natural na bagay at mga bagay na gawa ng tao.

Sa paghahalo ng mga pangunahing kulay ay nakabubuo naman tayo ng pangalawang kulay.

Ang mga pangalawang kulay ay berde, dalandan, at lila.



Makikita din natin ang mga kulay na ito sa mga natural na bagay at mga bagay na gawa ng tao.

Tingnan natin ang mga pinaghahalong pangunahing kulay at ang pangalawang kulay na mabubuo.

| Pangunahin | Pangalawa |
|---|---|
| pula + dilaw | = dalandan |
| pula + bughaw | = lila |
| dilaw + bughaw | = berde |


Kay ganda ng ating paligid dahil napalilibutan tayo ng mga bagay na may iba't-ibang kulay.

Maaaring natural o artipisyal na kulay ang ating nakikita sa ating paligid.

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

**Panuto:** Tukuyin ang mga kulay na nasa color wheel.



## Gawain 2


**Panuto:** Tukuyin kung ang kulay ay pangunahin o pangalawang kulay. Isulat sa patlang ang P kung pangunahin at S kung pangalawa.

______________1. 

______________2. 

______________3. 

______________4. 

______________5. 



## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.

Sa Modyul na ito, natutuhan ko na ang kulay ay makikita sa mga _____________ na bagay at sa mga bagay na gawa ng ________ sa ating paligid. May ____________________ o primary, at__________________ o secondary na pangkat ng kulay.

Lalong gumaganda ang ating paligid dahil punong-puno ito ng iba't-ibang kulay.

| | | | |
|---|---|---|---|
| pangalawa | pangunahin | natural | tao |

## *Isagawa*

Upang malaman kung ikaw ay may natutunan sa Modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

**Panuto**: Ibigay ang natural na kulay ng mga sumusunod na likas na bagay.

1. kalamansi ________________
2. duhat ________________
3. saging ________________
4. papaya ________________
5. mansanas ________________


## *Tayahin*

Ang bahaging ito ng Modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na Modyul o hindi.


Kapag nakakuha ka ng **3-5**, magpatuloy, **0-2**, ulitin ang Modyul.


**Panuto:** Tukuyin ang pangkat na kinabibilangan ng kulay ng bawat gamit. Gumuhit ng linya mula sa bagay sa kaliwa patungo sa pencil holder na kinabibilangan.


1. 

2. 



3. 

4. 

5. 




Pangunahing kulay





Pangalawang kulay

# *Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, ikaw ay susubukin sa iyong kakayahan sa pagsasama-sama ng pangunahing kulay upang makabuo ng pangalawang kulay.

1. 

2. 

3. 

Nasa ibaba ang **rubric** ng iyong likhang-sining.

| **Pamantayan** | **Iskor** |
|---|---|
| Natapos ng malinis at kaaya-aya at tama ang kulay | 5 |
| Malinis at kaaaya-aya ngunit may isang maling kulay | 4 |
| Natapos ngunit hindi malinis at kaaya-aya at hindi tugma ang kulay | 3 |
| Hindi natapos, hindi malinis at kaaya-aya at hindi kumpleto ang kulay | 2 |
| Nakagawa ngunit hindi nakulayan | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining at pahayag | 0 |

# Susi sa Pagwawasto


| Subukin | | Balikan | Suriin |
|---|---|---|---|
| 1. Dilaw, | P1 | 1. biluhaba | 1.pula |
| 2. Bughaw | P1 | 2. tuwid at pakurbang linya | 2.bughaw |
| 3. Dalandan | P2 | 3. dilaw at berde | 3. saging, lapis |
| 4. Pula | P1 | | 4. natural na bagay |
| 5. Berde | P2 | | 5. mayroon, t-shirt na bughaw |


Pagyamanin


| Gawain 1 | Gawain 2 | Isaisip |
|---|---|---|
| 1. Pula | 1. P | 1. natural |
| 2. Lila | 2. S | 2. tao |
| 3. Dalandan | 3. P | 3. pangunahin |
| 4. Dilaw | 4. P | 4. pangalawa |
| 5. Bughaw | 5. S | 5. |
| 6. berde | | |

| Isagawa | Tayahin |
|---|---|
| 1. Berde | 1. pangunahin |
| 2. Lila | 2. pangunahin |
| 3.berde, dilaw | 3. pangalawa |
| 4. berde, dalandan, o dilaw | 4. pangalawa |
| 5. pula, berde | 5. pangunahin |

Karagdagang gawain

1. 

2. 

3. 

## *Sanggunian*

Arts 1 MELC Curriculum Guide. www.deped-click.com

Arts 1 Teachers Guide pp. 37-40

*(note: all pictures are original)*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph